

Ispesyal Edyukeysiyon (Special Education)

tulong para sa mga magulang

Lahat ng mga istudyante ay magkakaroon ng panahon na sila ay magpupunyagi sa gawain sa paaralan o sa buhay sa paaralan. Subali't ang ilan sa mga istudyante ay mangangailangan ng ekstrang suporta mula sa isang programa ng Ispesyal Edyukeysiyon.

Ang mga magulang ay maaaring siyang unang makapansin na ang kanilang anak na lalaki o babae ay may mga suliranin sa pag-aaral o ang guro ang maaaring magmungkahi sa isang magulang na ang kanilang anak na lalaki o babae ay maaaring mangailangan ng ekstra o nagpapatuloy na suporta

Mga bagay na tatandaan

- May mga suliraning maaaring malutas ng guro sa silid-aralan, kaya makipag-usap muna sa guro kung kayo ay nag-aalala sa pag-unlad sa pag-aaral ng inyong anak.
- Ang pangangailangan ng suporta ng Ispesyal Edyukeysiyon ay hindi masamang bagay- may ilang mga istudyante na sadyang kakaiba lamang kung matuto at kailangan ang ekstrang suporta upang magtagumpay.
- Dahil lamang sa ang inyong anak ay hindi nagsasalita ng Ingles, ay hindi nangangahulugan na siya ay nangangailangan ng tulong ng Ispesyal Edyukeysiyon. Ang ilang mga suliranin ay normal na bahagi ng pag-aakma sa isang bagong wika at paaralan. Maaaring makatulong na magbigay sa punongguro ng impormasyon tungkol sa mga akademikong kasanayan ng istudyante sa kanyang unang wika.
- Ang ilang bahagi ng pamamaraan upang magtamo ng suporta ng Ispesyal Edyukeysiyon ay maaaring maramdamang nakalilito at maaaring magkaroon ng mga salitang nababago. Laging magtanong kung may mga bagay na hindi ninyo naiintindihan.
- Ang mga magulang ay may mahalagang bahaging gagampanan sa Ispesyal Edyukeysiyon. Wasto na humingi ng suporta para sa inyong anak at wasto na magpumilit na matamo ito.

Ano ang Ispesyal Edyukeysiyon?

Ang Ispesyal Edyukeysiyon ay isang terminong ginagamit upang ilarawan ang isang malawak na hanay ng mga suporta at programa para sa mga istudyante na nangangailangan ng mga kakaibang pamamaraan ng pagtuturo o ispesyal na mga kagamitan upang bigyan sila ng pagkakataon na magtagumpay sa paaralan.

Kung minsan ang suporta ng Ispesyal Edyukeysiyon ay mangangailangan ng ibang pamamaraan ng pagtuturo, kung minsan ito ay nangangahulugan ng higit na panahon sa pagsulat ng mga pagsusulit o ng ispesyal na kagamitan upang tulungan sila sa gawain sa paaralan. Sa isang programa ng Ispesyal Edyukeysiyon, ang mga istudyante ay maaaring ilagay sa mga hiwalay na klase sa buo o bahagi ng araw, o manatili sa kanilang regular na klase na may suporta ng isang pang-edyukeysiyong katulong.

Pinakamahalagang bagay na tatandaan na ang Ispesyal Edyukeysiyon ay naglalayong tulungan ang inyong anak na magtagumpay sa paaralan

Ano ang dapat ninyong gawin kung naiisip ninyo na kailangan ng inyong anak ang suporta ng Ispesyal Edyukeysiyon?

Magtanong

- Tanungin ninyo ang inyong anak kung may mga partikular na bagay na laging siyang nahihirapan sa paaralan.
- Tanungin ang guro kung naiisip niya na ang inyong anak na lalaki o babae ay nangangailangan ng ekstrang suporta at kung maibibigay ng guro ang ekstrang tulong.
- May mga kondisyong medikal na nakaaapekto sa pagkakatuto (Halimbawa: pandinig, paningin, at iba pa) kaya maaaring makatulong na makipag-usap sa duktore ng inyong anak.

Makipagkita sa mga tauhan ng paaralan

- Kung naiisip ninyo na ang inyong anak na lalaki o babae ay kailangan ang higit na tulong hilingin ang punongguro na magdaos ng isang miting na kasama ang iba pang tauhan ng paaralan (tinatawag ito na School Team Meeting) upang pag-usapan ang tungkol sa inyong anak.
- Maghanda para sa miting. Kung minsan ay nakatutulong na isulat ang mga tanong, gaya ng :
 - o Anong uri ng suporta o programa ang makatutulong sa aking anak upang magtagumpay?
 - o Ano ang mayroon na matatamo sa paaralan?
 - o Kailangan ba na ang aking anak na lalaki o babae ay maghintay ng mahabang panahon upang malagay sa tamang programa?
- Sa Miting ng Pangkat ng Paaralan ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring magmungkahi ng isa o higit pa sa mga sumusunod na mapagpipilian:
 - o Na ang guro ay magpatuloy sa pagbibigay suporta sa silid-aralan;
 - o Na ang guro ay bumuo ng Individual Education Plan o IEP (ang paliwanag ay kasunod)
 - Na ang istudyante ay bigyan ng pormal na pagsusuri upang malaman kung siya ay may mga tanging pangangailangan at kung ano ang mga tanging pangangailangang yaon; at/o
- Na ang paaralan ay magdaos ng isang higit na pormal na Special Education Meeting na tinatawag na Identification Placement and Review Committee (IPRC).

Ano ang pagsusuri sa Ispesyal Edyukeysiyon?

Ang pagsusuri sa Ispesyal Edyukeysiyon ay isang ebalwasyon ng isang istudyante na isasagawa ng isang ispesyalista upang alamin kung ang isang istudyante ay mayroong mga tanging pangangailangan at kung ano ang mga pangangailangang yaon. Maipapaliwanag ng inyong punongguro o pangalawang punongguro kung ano ang dapat ninyong gawin upang ang inyong anak ay masuri subali't maaaring kailanganing maghintay kayo sa pagsusuri.

Ano ang IEP?

Ang Individual Education Plan o IEP ay naglalarawan kung ano ang gagawin ng paaralan upang tulungan ang inyong anak. Ang isang istudyante ay hindi kailangang pormal na masuri upang magkaroon ng IEP.

Kailangang kasama sa IEP:

- Ang listahan ng mga kakayahan at mga pangangailangan ng istudyante;
- Ang balangkas ng mga paglilingkod ng ispesyal edyukeysiyon na matatanggap ng istudyante, saan at kailan ibibigay ang paglilingkod at kung sino ang magbibigay nito;
- Isang paglalarawan ng kung paano susukatin at susuriing muli ang pag-unlad ng istudyante;
- Ang kabuuan ng mga layunin para sa istudyante at guro na isasagawa upang matupad sa nilalakad ng taon; at
- Isang listahan ng mga ispesyal na kagamitan na ibibigay.

Ang ang IPRC?

Kung misan ang School Team ay magmumungkahi na magdaos ang paaralan ng isang Identification Placement and Review Committee (IPRC) – ito ay isang miting upang opisyal na kilalanin kung ano ang dapat gawin upang tulungan ang inyong anak na maging matagumpay (kadalasan ay tinatawag na mga “tanging pangangailangan o pagkakaiba”)

Ang IPRC ay maaaring hilingin ng mga magulang o ng paaralan. Sa sandaling magawa ng mga magulang ang kahilingan na nakasulat, ang IPRC ay kailangang idaos. Kailangang paalaman ng paaralan ang mga magulang tungkol sa IPRC at napakahalaga para sa mga magulang na dumalo. Ang IPRC ay opisyal na magpapasiya:

- Kung ang istudyante ay may mga ispesyal na pangangailangan upang matuto
- Anong uri ng mga pangangailangan upang matuto ang taglay ng istudyante at
- Ang pinakamabuting programa para sa istudyante

Ano ang mangyayari sa IPRC at mayroon bang bahaging gagampanan ang mga magulang?

Kadalasang kasali sa miting ng IPRC ang guro ng istudyante at o guro tagapatnubay, ang punongguro, isang sikologo, isang representante ng lupon ng paaralan at ang mga magulang.

Binagamit ang impormasyon mula sa mga tauhan ng paaralan at ng mga magulang, ang komite ay magmumungkahi ng isang programa para sa istudyante at ang mga magulang ay palalagdain sa isang dokumento na sumasang-ayon sila sa mga mungkahi ng komite. Maaari ninyong iuwi ang dokumento at pag-isipan bago magpasiya kung lalagdaan ito.

Mga tulong para sa inyong IPRC:

- Maaari ninyong isama sa miting ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan na nakakikilala sa inyong anak
- Magdala ng anumang sulat o pagsusuri mula sa doktor tungkol sa kondisyong medikal ng istudyante o tungkol sa kaniyang kakayahang matuto.
- Magdala ng larawan ng inyong anak upang tulungan ang komite na tandaan kung sino ang kanilang pinag-uusapan.
- Kung ang isang partikular na programa ay iminungkahi, maaari ninyong hilingin na bisitahin ito.
- Kung kayo ay tumututol sa pasiya ng IPRC, maaari kayong maghabol. Maipaliliwanag ng punongguro kung paano.
- Ang pamamaraan ng IPRC ay maaaring parang napakapormal subal't nangangahulugan ito na kayo at ang inyong anak ay magkakaroon ng karapatan na humiling ng nagpapatuloy na suporta, na makatutulong upang siya ay magtagumpay sa paaralan.

Ang suporta ba ng aking anak ay magbabago sa pana-panahon?

- Ang programa ng inyong anak ay susuriin nang sa pinakabihira, ay minsan sa bawat taong-aralan – maaari kayong laging humingi ng mga pagbabago o ng mga dagdag na impormasyon kapag dumarating ang pagsusuri.

Saan makapupunta ang mga magulang para sa tulong?

- Tanungin ang guro, punongguro o guro tagapatnubay para sa impormasyon
- Ang People for Education ay mayroong higit na impormasyon at nakakawing sa mga organisasyon sa ispesyal edyukeysiyon at

<http://www.peopleforeducation.com/links/specialneeds>

- Kung kayo ay may settlement worker sa paaralan makatutulong sila upang ipaliwanag ang pamamaraan ng Ispesyal Edyukeysiyon.
- Ang ibang mga magulang ay maaaring maging kahangahangang mapagkukunan ng impormasyon- makipag-usap sa mga magulang sa inyong paaralan kung paano isinasagawa ang Ispesyal Edyukeysiyon.

This tip sheet was developed with the support of the Ontario Trillium Foundation.

It is an initiative of the People for Education Parent Inclusion Project. Advisory committee: Dilico Ojibway Child & Family Services, Thunder Bay; F.A.I.R., Family Service Association, Toronto; PERCS- Waterloo Region parent/trustee representatives and Settlement Workers in Schools (SWIS);

© People for Education 2006

For more information you can call us toll free at 1-888-534-3944 or email